

HUMBOLDT COMMUNITY SERVICES DISTRICT

Polisiya na Sumasakop sa Pagpuputol ng Koneksyon sa Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad ng mga Bayarin at Singil

Petsa ng Pagkabisa: Pebrero 1, 2020

Alinsunod ng batas sa Estado ng California, ang polisiyang ito ay mababasa rin sa wikang Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, at Koreano. Mangyaring makipag-usap sa Humboldt Community Service District para makakuha ng kopya.

I. Sakop at Layunin.

Ayon sa umiiral na batas ang Humboldt Community Services District (ang Distrito) ay may karapatan na putulin o hindi ipagpatuloy (shut-off) ang serbisyo ng tubig sa mga pag-aaring residensyal at komersyal dahil sa hindi pagbabayad sa nasabing serbisyo. Ang Layunin ng Polisiyang ito ay (i) magbigay ng patakaran tungkol sa mga pagkakataon kung saan ang serbisyo ng tubig sa mga pabahay ay maaaring putulin dahil sa hindi pagbabayad; (ii) magbigay ng sapat na pamamaraan para masiguro ang mga kustomer at nakatira sa isang bahay ay may sapat na pabatid at patas na oportunidad na magtanong tungkol sa bayarin ng tubig bago maputol ang serbisyo sa tubig; at (iii) magbigay ng alternatibong paraan ng pagbabayad para sa mga kuwalipikadong kustomer.

Ang Polisiyang ito ay hindi makakaapekto sa kakayahan ng Distrito para putulin ang serbisyo ng tubig sa mga hindi residensyal na kustomer o putulin ang serbisyo ng tubig sa mga kustomer na residensyal sa mga dahilan maliban sa hindi pagbabayad ng mga bayarin at singil.

Ang Distrito ay may Karapatan na amyendahan ang Polisiyang ito sa paggawa ng resolusyon sa isang wasto at ipinaalam na pulong. Maliban sa hinihiling ng Batas na Ralph M. Brown Act, walang karagdagang pabatid (kasama pero hindi lamang limitado sa) sa mga indibidwal na nakasulat na abiso sa mga kustomer, ang kailangan para maamyendahan ang Polisiyang ito.

Ang Polisiyang ito ay alinsunod sa batas ng estado ng California patungkol sa pagputol ng serbisyo ng tubig sa mga bahay. Sa pagkakataon na may pagkakaiba sa pagitan ng Polisiyang ito at sa batas ng California, ang batas ng estado ng California ang mamamayani.

II. Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig sa mga Yunit Residensyal.

Ang Distrito ay may karapatan na itigil ang serbisyo ng tubig sa mga yunit na residensyal, tulad ng, pero hindi limitado sa mga tirahan sa pang-isang pamilya (single-family dwellings), mga istrukturang residensyal na multi-yunit residential, at mga parke para sa mga mobile home, sa pagkakataon na ang bayarin para sa tubig ay hindi nabayaran sa loob ng animnapung (60) na araw pagkatapos itong ituring na delingkwente. Ang isang bayarin sa tubig ay magiging

delingkwente kapag ito ay hindi nabayaran nang buo sa loob ng dalawampung (20) araw pagkalipas ng petsa ng pagbabayad na nakasaad sa bayarin ng tubig o water bill.

Bago itigil ang serbisyo sa tubig, susubukang makipag-ugnayan ng Distrito sa mga kustomer at mga nakatira sa isang bahay sa telepono nang hindi lalampas sa pitong (7) araw bago itigil ang serbisyo ng tubig o magpapadala ng sulat nang hindi lalampas sa sampung (10) araw bago itigil ang serbisyo ng tubig para makapagbigay ng sapat na paalala tungkol sa petsa na ititigil ang serbisyo ng tubig at iba pang mahalagang impormasyon. Ang nakasulat na abiso ay ipapadala sa bahay ng kustomer kung saan ibinibigay ang serbisyo. Kung ang adres ng kustomer ay iba sa adres kung nasaan ang serbisyong ibinibigay, ang abiso ay ipapadala rin sa adres ng ari-ari kung saan ibinibigay ang serbisyo, at ito ay nakapangalan sa "Occupant" o "Ang Nakatira".

Kung ang liham ay ibinalik dahil hindi ito maipadala, ang Distrito ay susubukan na ipaskil ang abiso sa isang bahagi ng ari-arian na binibigyang-serbisyo kung saan madali itong makita. Isang tungkulin ng kustomer na ipaalam sa Distrito ang kasalukuyang adres na pagpapadalhan ng liham.

Ang nakasulat na abiso ay magbibigay-alam sa mga kustomer, at kung posible, sa mga nakatira, ng mga sumusunod na impormasyon (kabilang ang iba pang impormasyon):

- 1) Pangalan at adres ng Kustomer;
- 2) Halaga ng hindi pa nababayaranang singil;
- 3) Petsa kung kailan dapat magbayad o para makagawa ng paraan ng pagbabayad para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo;
- 4) Petsa kung kailan mahihinto ang serbisyo kung hindi nakapagbayad o hindi natupad ang paraan ng pagbabayad;
- 5) Pagpapaliwanag ng proseso kung paano makakapag-apela ng palugit na panahon para mabayaran ang hindi pa nababayaranang singil;
- 6) Pagpapaliwanag ng proseso para makapag-petisyon ng apela at pagsusuri ng bayarin o bill;
- 7) Pagpapaliwanag ng proseso kung saan ang kustomer ay maaaring humiling na ipagpaliban ang pagbayad o makagawa ng alternatibong petsa ng pagbabayad;
- 8) Impormasyon paano maipapakabit o maibabalik ang serbisyo ng tubig kung ito ay maipahinto;
- 9) Para sa ilang okupadong yunit kung saan ang may-ari o umuupa sa tirahan ng kustomer, ang mga nangungupahan ay may opsyon na maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo kung sila ay magiging direktang kustomer ng Distrito.

III. Karapatan sa Pag-Apela sa Delingkwenteng Bayarin ng Tubig.

Ang mga kustomer na residensyal na nais kuwentyunin ang kanilang bayarin sa tubig ay may karapatan mag-apela (contest) sa halagang kanilang babayaran. Dapat ay gumawa ng isang sulat ng apela at dapat ay matanggap ito ng Distrito nang hindi lalampas sa apat na araw bago ang petsa na pagtigil ng seryoso na nabanggit sa abiso, kung ang ikaapat na araw na ito ay isang weekend o isang piyesta opisyal (federal holiday), ang sulat ng apela ay dapat na matanggap sa susunod na araw ng trabaho pagkatapos ng weekend o piyesta opisyal na nabanggit.

Para maging balido ito, ang apela ay dapat nagtataglay (nang hindi kukulang) ng mga susumusunod na impormasyon:

- 1) pangalan ng kustomer,
- 2) numero ng telepono,
- 3) adres kung saan ang abiso ay maaaring maipadala,
- 4) partikular na (mga) bill na iaapela,
- 5) mailing pagpapaliwanag ng iyong apela.

Ang Distrito ay makikpag-ugnayan sa iyo sa numero ng telepono na iyong ibinigay sa iyong sulat ng apela para maiayos ang petsa, oras, at lugar ng pagdinig ng nasabing apela. Ang pagdinig na ito ay maaaring maganap sa loob ng tatlo hanggang limang araw ng trabaho matapos na matanggap ang sulat ng apela, depende na rin sa iskedyul ng Pangkalahatang Tagapamahala (General Manager). Ang mga kustomer ay maaaring humiling ng palugit na hindi lalampas sa tatlong araw ng trabaho kung makakapagbigay ng katanggap-tanggap na dahilan.

Ang Pangkalahatang Tagapamahala ang didinig sa apela at gagawa ng pinal na desisyon sa katapusan ng pagdinig. Isang nakasulat na buod ng naging desisyon ay ipapadala sa kustomer sa pamamagitan ng sulat. Sa nasabing pagdinig, ang mga kustomer ay may karapatan (ngunit hindi isang obligasyon), na magpakita ng mga dokumento at magharap ng mga saksi para suportahan ang kanilang kaso. Para sa layunin apela, ang bayarin sa tubig ay tinuturing na balido at ang pagpapatunay ng mga ebidensiya ay tungkulin ng kustomer Maliban na lamang kung isinaad ng batas, ang desisyon ng Pangkalahatang Tagapamahala ay itinuturing na pinal.

Ang serbisyo sa tubig ay hindi ititigil habang nagaganap ang apela. Sa pagkakataon kung ang apela ay tinanggihan, ang serbisyo sa tubig ay mahihinto na walang karagdagang paalala sa loob ng tatlong araw pagkatapos ng pagdinig at kung hindi pa nakakapagbayad nang buo.

IV. Alternatibong Paraan ng Pagbabayad para sa mga Kualipikadong Kustomer.

Ayon sa ilang kondisyon, ang mga kustomer na humaharap sa pagtigil ng serbisyo ng tubig ay maaaring makagawa ng alternatibong petsa ng pagbabayad.

Ang mga kustomer na may kakayahan na magpakita ng lahat ng mga sumusunod ay tatanggapin na magkaroon ng alternatibong paraan ng pagbabayad:

Unang Kahilingan: ang kustomer, o ang nangungupahan sa kustomer, ay dapat magpasa sa Distrito ng isang patunay mula sa isang primary care provider na ang pagtigil ng serbisyo ng tubig ay magiging isang malaking banta sa buhay o magdudulot panganib sa kalusugan o kaligtasan ng isang residente na nakatira kung saan ibinibigay ang sersbisyo. Para sa layuning ng kahilingan na ito, ang isang “primary care provider” ay sinuman sa mga sumusunod: isang internist, general practitioner, obstetrician-gynecologist, pediatrician, family practice physician, nonphysician na medical practitioner, o anumang klinika para sa primary care, rural health clinic, community clinic o outpatient clinic sa hospital na kasalukuyang nakatala sa programang Medi-Cal, na siyang sumasang-ayon na magbigay ng pangangalaga sa mga benepisaryo ng Medi-Cal.

Ikalawang Kahilingan: ang customer, ayon sa husga ng Distrito, ay walang kakayahan na magbayad sa serbisyo ng tubig sa normal na siklo o panahon ng pagbabayad. Ang isang kustomer ay ituturing na walang kakayahan na magbayad kung sinumang kasapi ng kanilang tahanan o pamilya ay kasalukuyang benepisaryo ng CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang pagtulong (general assistance), Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o ng California Special Supplemental Nutrition Program for Woman, Infants, and Children, o kung ang kustomer na nag-deklara na ang taunang kita ng tahanan ay hindi bababa sa 200 porsyento sa federal poverty level.

Ikatlong Kahilingan: ang kustomer ay sumang-ayon sa pormularyo na binigay ng Distrito para tumugon sa isang alternatibong pagbabayad ayon sa mungkahi ng Distrito.

Hiling sa Paggawa ng isang Alternatibong Plano ng Pagbabayad:

Kung tingin ng kustomer na siya ay naniniwala na kwalipikado para sa isang alternatibong plano ng pagbabayad, ang kustomer ay dapat na makipag-ugnayan sa Distrito sa pinakamabilis na panahon sa numero ng telepono na nakasulat sa Abiso ng Pagtigil ng Serbisyo, ngunit hindi sa panahon kung kailan lumipas na ang pag-apela sa bayarin, para maipaalam sa Distrito na ang kustomer ay nasi na magpagdala ng impormasyon para magkaroon ng isang alternatibong plano ng pagbabayad. Pagkatapos maibigay ang abiso, ang kustomer ay dapat magpasa ng mga dokumentadong patunay na nagpapakita na siya ay tumutugon sa unang dalawang Kahilingan na nakasaad sa itaas nang hindi lalampas sa limang (5) araw pagkatapos ang nakatakdang petsa ng paghinto ng serbisyo.

Obligasyon ng kustomer na masigurado ang magpasa ng kumpleto at sapat na impormasyon sa tamang oras para maipakita ang kanyang kwalipikasyon. Kung ito ay naipasa sa tamang oras o kung and impormasyon ay kulang, ang Distrito ay magpapadala ng bagong petsa ng pagtigil ng serbisyo nang hindi lalampas sa limang (5) araw matapos ang pagpapadala ng liham. Sa ganitong pagkakataon, ang tanging paraan para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo ay ang pagbabayad ng buong bayarin.

Alternatibong Plano ng Pagbabayad:

Ayon sa desisyon nito, ang Distrito at maaaring ialok sa iyo ang alinman sa mga sumusunod na alternatibong plano ng pagbabayad sa nasabing halaga. *Ang mga kustomer na naaprubahan para sa isang alternatibong plano ng pagbabayad ay dapat na magpatuloy kasalukuyang serbisyo ng tubig o kung hindi ito ay ititigil.*

- 1) **Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.** Para sa mga bayarin na mababa sa isang daang dolyar (\$100), ang Distrito ay maaaring bigyan ng pagkakataon sa mga kustomer na pansamantalang ipagpaliban ang pagbabayad ng delingkwenteng halaga sa isang tiyak na petsa hinaharap.
- 2) **Amortisasyon ng hindi nabayarang halaga.** Ang Distrito ay maaaring ialok sa mga kustomer nag pagkakataon na gawan ng amortisasyon ang delingkwenteng halaga sa isang panahon na hindi lalampas sa labing-dalawang (12) buwan, ayon sa desisyon ng Distrito.

Certified Translation
Translation Shop
ATA Member ID : 271236

3) **Pagkikibahagi sa isang alternatibong iskedyul ng pababayad.** Ang Distrito ay maaaring ialok sa mga kustomer ng isang alternatibong paraan ng pagbabayad para maiwasan ang mga singil para sa pagkahuli at/o pagtigil ng serbisyo.

Ang Serbisyo ay maaaring itigil nang hindi lalampas sa sampung (10) araw ng trabaho matapos na ipaalam ng Distrito ang panghuling abiso ng pagtigil ng serbisyo dahil sa mga sumusunod na pagkakataon:

Ang kustomer ay nabigo na sumunod sa naaprubahan at napagkasunduan na paraan ng pagbabayad.

Habang nakailalim sa isang naaprubahan at napagkasunduan na paraan ng pagbabayad sa mga singil, at ang kustomer ay hindi nakapagbayad ng kanyang kasalukuyang singil sa bahay sa loob ng animnapung (60) araw.

V. Pakikipag-ugnayan sa Distrito at Karagdagang Impormasyon.

SERBISYO PARA SA KUSTOMER
HUMBOLDT COMMUNITY SERVICES DISTRICT
5055 WALNUT STREET, EUREKA CA 95503
Telepono: 707-443-4550

Para sa karagdagan impormasyon, mangyaring bumisita sa website ng Distrito sa:
<https://humboldtcsd.org>

